**Mga Umiiral at nakaplanong mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng lahi**
**Ahensiya para sa Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya at Mag-aaral**

Ang Ahensiya para sa Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya at Mag-aaral (WFSFAA), na sinusuportahan ng Tanggapan ng Pananalapi ng Mag-aaral (SFO) at ng Opinsina para sa Alawans ng Nagtratrabahong Pamilya (WFAO), ay nakatuon sa pagbibigay ng dedikadong tulong pinansiyal para sa mga nangangailangang pamilya sa Hong Kong, sumusuporta sa mga bata at kabataan na nag-aaral at humihikayat sa mga nagtatrabahong pamilya na manatiling aktibo sa pagtatrabaho.

Ang WFSFAA ay nagbibigay ng malaking halaga sa pagbibigay ng impormasyon at serbisyo para sa mga tao mula iba't ibang lahi. Ang mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng lahi at pantay na pagkakataon sa aming serbisyo para sa mga sa mga tao mula iba't ibang lahi ay nakasaad sa ibaba.

**Napapabilang na Serbisyo**

- Upang suportahan ang mga nangangailangang pamilya sa pamamagitan ng mga iba't ibang iskema ng tulong pinansyal para sa mga mag-aaral na naaangkop sa mga antas bago magprimarya, primarya at sekondarya.

- Upang hikayatin ang pagsasarili at mapagaan ang kahirapan sa lahat ng henerasyon sa pamamagitan Iskema ng Alawans ng Nagtratrabahong Pamilya (WFA)[1].

**Mga Umiiral na Hakbang**

**(A) Pagpapahayag ng mga Iskema ng Pinansiyal na Tulong**

- Ang impormasyon tungkol sa mga iskema sa pinansyal na tulong para sa mga mag-aaral na naaangkop sa mga antas bago magprimarya, primarya, sekondarya at ang mga Iskema na WFA

[1] Binago ang pangalan ng Ayuda para sa mga Nagtatrabahong Pamilya na Mababa ang Kita bilang Iskema ng Alawans ng Nagtratrabahong Pamilya (WFA) epektibo mula 1 April 2018.

ay inilathala sa walong wika bilang karagdagan sa Tsino at Ingles sa mga website ng SFO at WFAO. May isang shortcut icon sa "Mga Serbisyong Suporta para sa mga Taong Magkakaibang Lahi" na matatagpuan sa dalawang website na ito upang mabilis ang pag-akses.

- Ang mga polyeto/karatula, at halimbawang mga dokumento para sa mga iskema ay isinalin sa walong wika bukod sa Tsino at Ingles na makukuha ng publiko sa Mga Sentro sa Katanungan ng Kapakanang Pantahanan, mga Tanggapan ng Distrito ng Kagawaran ng Kapakanang Panlipunan at mga tanggapang pang-impormasyon ng WFSFAA, at maaari rin itong i-download mula sa website ng SFO para sa mga iskema para sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral at sa mga Iskema ng WFAO para sa WFA. Ang mga polyeto para sa pagsulong ng iskema para sa pagbibigay ng pinansiyal na tulong sa mga mag-aaral ay maaari ring makuha sa mga mga Sentro para sa Kalusugan ng Ina at Bata sa ilalim ng Kagawaran ng Kalusugan at Panrehiyong Tanggapang Pang-Edukasyon ng Kagawaran ng Edukasyon at ibinabahagi sa mga magulang/ mag-aaral ng iba't ibang lahi sa pamamagitan ng mga paaralan, kindergarten, center para sa pag-aalaga ng bata, at mga senter para sa serbisyo ng suporta, habang ang mga Iskema sa WFA ay makukuha sa mga tanggapan ng serbisyo ng Kagawaran ng Pagtrabaho. Ang Impormasyon ng Iskema ng WFA ay ipinapalabas rin sa mga programa sa radyo at mga dyaryo sa mga wika na iba pa sa Tsino at Ingles para sa pagsusulong sa pangkalahatang publiko.

- Ang mga iskema ng tulong-pinansyal para sa mga mag-aaral at Iskema ng WFA ay ipinakilala rin sa mga tao mula sa iba't ibang lahi sa pamamagitan ng librito "Ang Iyong Gabay Sa Mga Serbisyo Sa

Hong Kong" na inilathala sa anim na iba pang wika ng Kagawaran ng Kapakanang Pantahanan.

- Sa pamamagitan ng mga talakayan, ipinakilala ng WFSFAA ang mga detalye ng iskema ng pinansyal na tulong sa mag-aaral at mga Iskema ng WFA sa mga tao ng iba't ibang lahi at pinapaalam sa kanila kung paano kumpletuhin ang mga dokumento ng aplikasyon. And serbisyo ng pagsasalin at maaari nilang makuha habang nasa talakayan kung kinakailangan. Ang hotline/ serbisyo ng WFSFAA at serbisyo ng pagsasalin at interpretasyon ay ipinakilala rin sa mga tao mula sa iba't ibang lahi sa mga talakayan.

- Ang iba't ibang iskema sa pagtulong ay ipinakilala rin sa mga tao mula sa ibang lahi sa pamamagitan ng mga Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa Etnikong Minorya na pinondohan ng Kagawaran ng Kapakanang Pantahanan at/o mga nagaganap na mga serbisyo o gawain sa buong teritoryo ng mga organisasyon para sa mga tao na mula sa ibang lahi kasama na ang pakikilahok sa mga ispesyal na programa/kaganapan, hal. mga job fair para sa mga tao na mula sa ibang lahi.

**(B) Suporta sa mga Katanungan at Pag-aaplay**

- Ang mga hotline para sa mga katanungan [2] (<2802 2345> para sa SFO at <2558 3000> para sa WFAO) ay nagbibigay sa mga nagtatanong mula sa ibang lahi pagkakataon na makakuha ng libreng serbisyo ng interpretasyon sa tulong ng Sentro para sa Etniko Minorya (CHEER) sa ilalim ng Serbisyo ng Kristiyanong Hong Kong upang mag-asikaso ng kanilang mga katanungan sa pag-

[2] Kapag ang isang indibidwal na mula sa ibang lahi ay tumawag sa mga linya ng telepono na nabanggit sa itaas at pinili ang "Iba pang wika" mula sa sistema nito, o kung walang ibang wika na pinili sa takdang panahon, ang tawag ay ililipat sa isang kawani ng CHEER para makapagbigay ng napapanahon at mas madaling serbisyo ng pagsasalin.

aplay. Ang CHEER ay nagbibigay rin ng personal na serbisyo ng pagsasalin para sa mga tao na mula sa ibang lahi nang walang bayad.

- May mga impormasyon na nakasulat sa walong iba pang wika na may nakalakip na mga kontak ng bawat pamamaraan ng pagtulong at ng mga Mga Sentro ng Serbisyong Suporta para sa Etnikong Minorya na pinondohan ng Kagawaran ng Kapakanan Pantahanan at naka-display sa mga tanggapan ng WFSFAA para sa mga bibisita rito na mula sa iba't ibang lahi, at nakalakip din ito sa mga sulat na humihingi ng karagdangang impormasyon mula sa mga aplikante na mula sa ibang lahi para sa kanilang sanggunian.

- Ang isang ID para sa wika ng CHEER, na nagpapakita ng mga Hotline ng Pagsasalin sa Telepono ng CHEER Centre sa walong wika ay naka-display sa mga tanggapan upang magawa ng kawani ang nararapat na serbisyo para sa isang indibidwal na mula sa ibang lahi na nangangailangan ng serbisyo ng pagsasalin. Ang mga indibiwal na ito ay maaaring maglahad ng wika na kanilang sinasalita sa pamamagitan ng pagturo sa ID na ito at ang amin kawani ay maaaring tumulong na tumawag sa hotline na nabanggit upang ang tao na ito ay maaaring makipag-usap sa aming kawani.

- Ang WFSFAA ay magsasaayos ng serbisyo ng pagsasalin kung kinakailangan kapag nagbibigay ng serbisyo para sa mga tao na mula sa ibang lahi sa mga tanggapin o habang pinoproseso ang kanilang aplikasyon. Dagdag pa rito, ang mga iba't ibang sentro ng serbisyong pang-suporta (tulad ng CHEER Centre, HOME Centre, HOPE Centre, LINK Centre, TOUCH Centre at Sentro ng Serbisyong Suporta para sa mga Etniko Minorya ng Yuen Long Town Hall(Yuen Long Town Hall

Support Service Centre for Ethnic Minorities) ay iniimbita na magbigay ng tulong sa mga tao na mula sa ibang lahi, tulad ng pagpapakilala sa kanila ng mga pamamaraan sa pagtulong, magbigay ng gabay sa pagsagot at pagkumpleto ng form sa aplikasyon at magsalin para sa kanilan ng mga kaungay na dokumento na may kinalaman sa kanilang aplikasyon.

**(C) Pagsasanay ng Kawani**

- Bibigyan ng WFSFAA ang kanyang mga kawani ng regular na pagsasanay at ng "Gabay na Proseso sa Pag-asikaso ng mga Katanungan ng mga Tao mula sa Ibang Lahi" bilang sanggunian kung paano aasikasuhin ang mga katanungan mula sa mga tao na muli sa ibang lahi. Ang mga kawani ay hinihikayat rin na dumalo sa iba pang kaugnay na pagsasanay para mapahusay ang kanilang pag-unawa, sa kultura at relihiyon ng mga aplikante na mula sa iba't ibang lahi.

- Ang E-version ng mga kaungay na patnubay at kagamitan sa pagsasanay ay maaaring makuha ng kawani para mas pinadaling sanggunian.

**Pagtatasa ng Trabaho sa Hinaharap**

Ang WFSFAA ay patuloy na –

- Mangongolekta ng mga datos at estatistika sa paggamir ng mga serbisyo ng mga tao na mula sa iba't ibang lahi sa pagsasagawa ng mga pag-aaral upang makatulong sa pagtatasa at pagbubuo ng mga patakaran at hakbang.

- Mangalap ng mga puna at pagtingin mula sa mga komunidad at organisasyon ng mga indibiwal mula sa ibang lahi tungkol sa aming mga serbisyo at posibleng pagpapahusay nito.

| | | |
|---|---|---|
| | • | Regular na suriin ang mga puna na natanggap tungkol sa serbisyo ng pagsasalin na ibinigay sa mga tao na mula sa iba't ibang lahi upang masigurado ang pagiging epektibo nito. |
| | • | Suriin ang mga serbisyo para sa mga tao na mula sa iba't ibang lahi upang lalong mapahusay ito. |
| | • | Mangalap ng mga puna at suhestiyon mula sa mga kawani ng mga kaugnay na programa sa pagsasanay at gawain para sa pagsusuri at pagpapabuti nito. |
| **Karagdagang Hakbang na Gagawin** | • | Magbigay ng mga polyeto ng pagpapalaganap at mga halimbawang dokumento ng iba't ibang Iskema sa pagtulong, sa walong iba pang wika upang maisagawa ang pag-aaplay mula sa mga tao mula sa ibang lahi. |
| | • | Isalin ang Pahayag sa Pagkoletka ng Personal na Impormasyon sa nabanggit na walong iba pang mga wika upang mas maunawaan ng mga aplikante na mula sa ibang lahi ang layunin ng pagkolekta ng kanilang personal na datos kapag sila ay nag-aplay para sa tulong pinansyal, at maging ang kanilang karapatan sa pag-akses at itama ang kanilang personal na datos sa ilalim Ordinansa sa Personal na Datos (Pribasiya). |

Para sa mga katanungan tungkol sa kasalukuyan at planong mga hakbang para sa pagpapalaganap ng pagkakapantay-pantay ng lahi, mangyaring makipag-ugnayan kay G Miss Serene YEUNG, Chief Executive Officer (Pagbabago ng Pamamahala) (Change Management) ng WFSFAA gamit ang mga sumusunod na mga pamamaraan –

| | | |
|---|---|---|
| Numero ng Telepono | : | 2150 7676 |
| Numero ng fax | : | 3102 9433 |
| Email | : | syyeung@wfsfaa.gov.hk |

| | | |
|---|---|---|
| Adres: | : | Room 1008, 10/F, Cheung Sha Wan Government Offices, 303 Cheung Sha Wan Road, Kowloon |

**Ahensiya para Tulong Pinansiyal para sa Nagtatrabahong Pamilya at Mag-aaral**
**Hunyo 2025**